# Impormasyon tungkol sa pagbabakuna ng mga dayuhan para sa pagpapatupad na mapalawak ang karagdagang mga pagbabakuna ng COVID-19 sa panahon ng taglamig

Pinalawak para sa lahat ng mamamayan na may 18 taong gulang pataas. Mangyaring aktibong lumahok sa mga pagbabakuna para makaiwas sa impeksiyon at malubhang epekto.

## Prayoridad ng pagbabakuna

Higit sa 18 taong gulang pataas na nakumpleto ang pangunahing bakuna (1,2dosis)

## Pagitan ng pagbabakuna

**4 na buwan(120 araw) pagkatapos ng pinakahuling bakuna**

*Inirerekomenda na magpabakuna 4 na buwan pagkatapos ng huling petsa ng bakuna o huling petsa na nagpositibo, **alinman ang pinakahuli sa dalawa**

## Uri ng bakuna

**Bivalent na bakuna laban sa Omicron**

**BA.1 batayan(Moderna, Pfizer), BA. 4/5 batayan(Pfizer)**

※ Ang Electronic Recombinant Vaccine(Novavax, Sky Covione)din ay ginagamit bilang pantulong

## Paraan ng pagbabakuna

① **Rehistradong dayuhan:** Maaring magpareserba ng maaga sa online, reserbasyon sa pamamagitan ng tawag o di kaya pagbabakuna sa mismong araw

※ Maagang pagpareserba 10.27.(Huwebes)~ Simula ng pagbabakuna(mismong araw na bakuna) 11.7.(Lunes)~

② **Hindi rehistradong dayuhan:** Kumuha ng pansamantalang numero ng pamamahala sa pampublikong sentro ng kalusugan at pagkatapos ay magpareserba sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono o magpunta sa institusyon ng nagbabakuna para magpareserba

③ **Mga dayuhan na nakakumpleto ng pangunahing bakuna sa ibang bansa:** Iparehistro ang kasaysayan ng bakuna sa ibang bansa sa pampublikong sentro ng kalusugan at magpareserba

## ※ Iba pang impormasyon

- ○ **Homepage para sa maagang pagpareserba**(maaari ang kahalili): https://ncvr.kdca.go.kr
- ○ **Pagtawag sa telepono:** Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit(☎1339) o magpareserba sa pamamagitan ng pagtawag sa Call Center ng munisipilidad
- ○ **Araw mismo na pagbabakuna:** SNS(Kakaotalk, Naver) reserbasyon ng natirang bakuna, tumawag sa medikal na institusyon

*Sumuporta sa pagsasalin : <Danuri Call Center 1577-1366>, bukas ng 365 na araw 24 oras